

EL TORO WATER DISTRICT

Pahina 1 ng 6

Iskedyul Blg. 7-W

PATAKARAN SA PAGPUPUTOL NG SERBISYONG PATUBIG SA TIRAHAN

1. **Pagpapatupad ng Patakarang.** Ang Patakarang ito sa Pagpuputol ng Serbisyong Patubig sa Tirahan (ang "Patakarang" ito) ay ipatutupad sa lahat ng account ng Distrito para sa serbisyong patubig sa tirahan, ngunit hindi ipatutupad sa alinmang account na para sa hindi pang-tirahang serbisyo. Hanggang sa saklaw na sumasalungat ang Patakarang ito sa alinmang iba pang mga tuntunin, regulasyon, o patakarang ng Distrito, ang Patakarang ito ang mangingibabaw.

2. **Impormasyon sa Pagkontak.** Para sa mga katanungan o tulong kaugnay ng bill ng tubig, maaaring maabot ang mga kawani ng Customer Service ng Distrito sa (949) 837-0660. Maaari ring personal na puntahan ng mga customer ang Customer Service desk Lunes hanggang Biyernes, mula 7:30 a.m. hanggang 4:00 p.m., Biyernes 7:30 a.m. hanggang 3:00 p.m. (sarado tuwing Biyernes kada dalawang linggo) maliban sa mga pista-opisyal ng Distrito. Ang opisina ng Customer Service ng Distrito ay matatagpuan sa 24251 Los Alisos Blvd. in Lake Forest.

3. **Pagbibigay ng ma bill at Mga Pamamaraan ng Billing.** Ang mga singil sa serbisyong Patubig at Alkantarilya ay mababayaran, nang buo, sa Distrito 25 araw mula sa petsa ng paglalabas na minsan kada buwan, o sa pana-panahon ay naturang iba pang dalas na tutukuyin ng Lupon ng mga Direktor. Anumang mga bill na hindi binayaran sa loob ng naturang panahon ay itinuturing bilang delingkwente.

4. **Pagputol ng Serbisyong Patubig dahil sa Hindi Pagbabayad.** Kapag ang isang bill ay delingkwente nang hindi bababa sa animnapung (60) araw, maaaring putulin ng Distrito ang serbisyong patubig sa address ng serbisyo.

4.1 Nakasulat na Paunawa sa Customer. Magbibigay ang Distrito ng paunawa na ipinadala sa koreo sa customer na nakatala nang hindi bababa sa sampung (10) araw bago ang pagpuputol ng serbisyong patubig. Ang paunawa ay maglalaman ng:

- (a) pangalan at address ng customer;
- (b) halaga ng pagkadelingkwente;
- (c) petsa kung kailan kailangang maisagawa ang pagbabayad o mga kaayusan sa pagbabayad upang maiwasan ang pagkakaputol ng serbisyo;
- (d) pamamaraan kung paanong maaaring maghain ng reklamo o humiling ng imbestigasyon o apela ang customer kaugnay ng serbisyo o mga singil;
- (e) paglalarawan ng pamamaraan kung paaanong maaaring humiling ang customer ng alternatibong kaayusan sa pagbabayad, na pwedeng kabilangan ng pagpapahaba, hulugan, alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o pagbabawas ng bayad;
- (f) pamamaraan para makakuha ng customer ng impormasyon kaugnay ng Life Line Rate Assistance Program ng Distrito;
- (g) numero ng telepono kung saan maaaring humiling ang customer ng kaayusan sa pagbabayad o tumanggap ng karagdagang impormasyon mula sa Distrito.

4.2 Nakasulat na Paunawa sa Mga Umookupa o Umuupa.

(a) Magpapadala rin ang Distrito ng paunawa sa mga umookupang naninirahan sa address ng serbisyo nang hindi bababa sa sampung (10) araw ng negosyo bago ang pagpuputol ng serbisyong patubig sa ilalim ng mga sumusunod na kalagayan: (i) nagkaloob ang Distrito ng serbisyong may indibidwal na metro sa isang tirahang pang-isang pamilya, istrukturang tirahan na may maraming yunit, mobile home park, o farm labor camp at ang may-ari, manager, o operator ay ang customer na nakatala; o (ii) ang address sa koreo ng customer na nakatala ay hindi kapareho ng address ng serbisyo. Ang paunawa ay i-a-address sa "Umookupa," maglalaman ng impormasyong iniaatas ng Seksyon 4.1 sa itaas, at ipapaaalam sa mga umookupa ng tirahan na mayroon silang karapatang maging mga customer ng Distrito nang hindi kinakailangang bayaran ang halagang dapat bayaran sa delingkwenteng account. Ang mga tuntunin at kondisyon para maging mga customer ng Distrito ang mga umookup ay nakasaad sa Seksyon 8 sa ibaba.

EL TORO WATER DISTRICT

(b) Kapag ang Distrito ay nagkaloob ng tubig sa mga tirahan sa pamamagitan ng isang pangunahing metro, magsasagawa ang Distrito ng pagsisikap sa mabuting hangarin, nang hindi bababa sa sampung (10) araw ng negosyo bago ang pagpuputol, na abisuhan ang mga umookupa sa tirahan na may mga utang ang account at puputulin ang serbisyo sa petsang tinukoy sa paunawa. Magbibigay ng paunawa ang Distrito sa pamamagitan ng: (i) pagpapadala sa koreo ng paunawa sa bawat tirahang yunit; (ii) pagpapaskil ng paunawa sa pinto ng bawat tirahang yunit, (iii) kung hindi praktikal o hindi posibleng gawin ang pagbibigay ng paunawa sa bawat yunit, pagpapaskil ng dalawang (2) kopya ng paunawa sa bawat madaling puntahang lugar na pinagsasaluhan ng lahat at sa bawat dinadaan papunta sa istruktura o mga istruktura; o (iv) pagsasagawa ng iba pang makatuwirang pagsisikap na may mabuting hangarin upang magbigay ng nakasulat na paunawa sa mga umookupa. Ang paunawa ay i-address sa "Umookupa," maglalaman ng impormasyong iniaatas ng Seksyon 4.1 sa itaas, at ipapaaalam sa mga umookupa ng tirahan na mayroon silang karapatang maging mga customer ng Distrito nang hindi kinakailangang bayaran ang halagang dapat bayaran sa delingkwenteng account. Ang mga tuntunin at kondisyon para maging mga customer ng Distrito ang mga umookup ay nakasaad sa Seksyon 8 sa ibaba.

4.3 Personal o Paunawa sa Telepono. Magsasagawa ang Distrito ng makatuwirang pagsisikap na may mabuting hangarin upang kontakin ang customer na nakatala o isang taong nasa hustong gulang na naninirahan sa lugar ng customer nang personal o sa telepono nang hindi bababa sa pitong (7) araw ng Negosyo bago ang pagpuputol ng serbisyo. Mag-aalok ang Distritong magbigay ng nakasulat an kopya ng Patakarang ito at talakayin ang mga opsyon upang umiwas sa pagputol ng serbisyong patubig dahil sa hindi pagbabayad, kabilang ang posibilidad na palawigin o iba pang kaayusan sa pagbabayad.

4.4 Pagpapaskil ng Paunawa sa Address ng Serbisyo. , ang Distrito ay magsasagawa ng pagsisikap na may mabuting hangarin upang mag-iwan ng paunawa ng nalalapit na pagkaputol ng serbisyo sa tirahan at ng kopya ng Patakarang ito sa isang lugar na madaling makita sa address ng serbisyo. Ang paunawa at kopya ng Patakarang ito ay iiwanan sa tirahan nang hindi bababa sa apatnapu't walong (48) oras bago ang pagpuputol ng serbisyo. Ang paunawa ay maglalaman ng:

- (a) pangalan at address ng customer;
- (b) halaga ng pagkadelingkwente;
- (c) petsa kung kailan kailangang maisagawa ang pagbabayad o mga kaayusan sa pagbabayad upang maiwasan ang pagkakaputol ng serbisyo;
- (d) ang pamamaraan kung paanong makakakuha ang customer ng impormasyon sa tulong pinansyal, kung mayroon; at
- (e) numero ng telepono kung saan maaaring humiling ang customer ng kaayusan sa pagbabayad o tumanggap ng karagdagang impormasyon mula sa Distrito.

4.5 Mga Kalagayan Kung Saan Hindi Puputulin Ang Serbisyo. Hindi puputulin ng Distrito ang serbisyong patubig sa tirahan dahil sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga sumusunod na kalagayan:

- (a) Sa panahon ng imbestigasyon ng Distrito sa isang dispute o reklamo ng isang customer sa ilalim ng Seksyon 5.1 sa ibaba;
- (b) Sa panahon ng pagkakabinbin ng isang apela sa Lupon ng mga Direktor sa ilalim ng Seksyon 5.3 sa ibaba; o
- (c) Sa loob ng panahon kung kailan napapailalim ang pagbabayad ng customer sa isang pagpapalawig na inaprubahan ng Distrito, hulugan, alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o pagbabawas sa ilalim ng Seksyon 6 sa ibaba, at nananatiling sumusunod ang customer sa inaprubahang kaayusan sa pagbabayad.

4.6 Mga Espesyal na Medikal at Pinansyal na Kalagayan Kung Saan Hindi Puputulin Ang Mga Serbisyo.

- (a) Hindi puputulin ng Distrito ang serbisyong patubig kapag natugunan ang lahat ng sumusunod na kondisyon:

EL TORO WATER DISTRICT

Pahina 3 ng 6

- (i) Ang customer, o umuupa sa customer, ay nagsumite sa Distrito ng sertipikasyon ng isang lisensyadong tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga na ang pagpuputol ng serbisyong patubig ay magiging banta sa buhay ng, o magdudulot ng seryosong banta sa kalusugan at kaligtasan ng, isang residente ng lugar kung saan ibinibigay ang pang-tirahang serbisyo;
- (ii) Ipinakita ng customer na wala siyang pinasyal na kakayahang bayaran ang pang-tirahang serbisyo sa loob ng karaniwang billing cycle ng Distrito. Ang customer ay itinuturing bilang walang pinasyal na kakayahang magbayad sa panahon ng karaniwang billing cycle kung: (a) sinumang miyembro ng sambayanan ng customer ay kasalukuyang tumatangap ng CalWORKs, CalFresh, general assistance, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o (b) idineklara ng customer sa ilalim ng parusa ng hindi pagsasabi ng totoo na ang taunang kita ng sambayanan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng pederal na antas ng kahirapan; at
- (iii) Handang pumasok ang customer sa isang alternatibong kaayusan ng pagbabayad, kabilang ang pagpapalawig, hulugan, alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o pagbabawas ng bayad kaugnay ng mga delingkwenteng singil.

(b) Para sa sinumang customer na nakakatugon sa lahat ng mga kondisyong nasa itaas, mag-aalok ang Distrito sa customer ng isa sa mga sumusunod na opsyon, na pipiliin ng Distrito sa sarili nitong pagpapasya:

- (i) pagpapalawig ng panahon ng pagbabayad;
- (ii) hulugan ng pagbabayad ng hindi pa nababayaranang balanse;
- (iii) alternatibong iskedyul ng pagbabayad; o
- (iv) binawasang pagbabayad.

Pipiliin ng General Manager ng Distrito ang pinakaangkop na kaayusan sa pagbabayad, habang isinasaalang-alang ang impormasyon at dokumentasyong ibinigay ng customer, gayundin ang mga pangangailangan sa kabayaran ng Distrito.

(c) Ang customer ang responsableng magpakita na natugunan ang mga kondisyon sa subseksyon (a). Kapag natanggap ang dokumentasyon mula sa customer, susuriin ng Distrito ang dokumentasyon sa loob ng pitong (7) araw at: (1) aabisuhan ang customer ukol sa alternatibong kaayusan sa pagbabayad na pinili ng Distrito at hihingin ang pinirmahang pahintulot ng customer na lumahok sa alternatibong kaayusang iyon; (2) hihingi ito ng karagdagang impormasyon mula sa customer; o (3) aabisuhan ang customer na hindi niya natutugunan ang mga kondisyon sa subseksyon (a).

(d) Maaaring putulin ng Distrito ang serbisyong patubig kapag ang isang customer na nagawaran ng alternatibong kaayusan sa pagbabayad sa ilalim ng seksyong ito ay nabigong gawin ang alinman sa mga sumusunod sa loob ng animnapung (60) araw o higit pa: (a) bayaran ang kanyang hindi pa nababayaranang mga singil sa o bago ang petsa ng pinalawig na pagbabayad; (b) bayaran ang anumang hinuhulugang halaga na dapat bayaran sa ilalim ng iskedyul ng hulugan; (c) bayaran ang anumang halagang dapat bayaran sa ilalim ng isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad; (d) bayaran ang binawasang halaga ng pagbabayad bago ang o sa petsa na dapat itong bayaran; o (e) bayaran ang mga kasalukuyang sinisingil sa kanya para sa serbisyong patubig. Magpapaskil ang Distrito ng huling paunawa ng kagustuhan nitong putulin ang serbisyo sa isang madaling makita at madaling puntahang lugar sa address ng serbisyo nang hindi bababa sa limang (5) araw ng negosyo bago ang pagpuputol ng serbisyo. Ang huling paunawa ay hindi magbibigay sa customer ng anumang imbestigasyon o pagsusuri ng Distrito.

4.7 Oras ng Pagpuputol ng Serbisyo. Hindi puputulin ng Distrito ang serbisyong patubig dahil sa hindi pagbabayad kapag Sabado, Linggo, legal na pista opisyal, o anumang oras kung kailan hindi nakabukas ang tanggapan ng Distrito sa publiko.

EL TORO WATER DISTRICT

Pahina 4 ng 6

4.8 Pagpapanumbalik ng Serbisyo. Maaaring kumontak ang mga customer na naputulan ng serbisyong patubig sa Distrito sa pamamagitan ng telepono o nang personal kaugnay ng pagpapanumbalik ng serbisyo. Ang pagpapanumbalik ay isasailalim sa pagbabayad ng: (a) anumang halagang lumampas sa petsa na dapat itong bayaran, kabilangang naaangkop na interes o multa; (b) anumang bayad sa muling pagpapakabit, na sasailalim sa mga limitasyon sa Seksyon 7.1, kung naaangkop; (c) at isang depositong panseguridad, kapag hiningi ng Distrito.

5. **Mga Pamamaraan ng Pagtuligsa o Mag-apela ng Bill.**

5.1 Oras para Magpasimula ng Reklamo o Humiling ng Imbestigasyon. Maaaring magpasimula ang isang customer ng reklamo o humiling ng imbestigasyon kaugnay ng halaga ng isang bill sa loob ng limang (5) araw mula nang makatanggap ng disputed bill. Para lamang sa mga layunin ng Seksyon 5.1 na ito, ituturing na natanggap ng isang customer ang isang bill limang (5) araw matapos itong ipadala sa koreo at kaagad matapos itong i-email.

5.2 Pagsuusuri ng Distrito. Susuriin ng isang manager ng Distrito ang napapanahong reklamo o kahilingan para sa imbestigasyon, na isyang magbibigay ng nakasulat na kapasiyahan sa customer. Isasaalang-alang ng pagsusuri kung maaaring makatanggap ang customer ng pagpapalawig, hulugan, alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o pagbabawas ng bayad sa ilalim ng Seksyon 6. Maaaring suriin ng Distrito, sa sarili nitong pagpapasya, ang mga hindi napapanahong reklamo o kahilingan para sa imbestigasyon; gayunpaman, ang mga naturang reklamo o kahilnigan ay hindi maaaring i-apela.

5.3 Apela sa Lupon ng Mga Direktor. Sinumang customer na may napapanahong reklamo o kahilingan para sa imbestigasyon alinsunod sa Seksyon 5 na ito na nagresulta sa salungat na pagpapasiya ng Distrito ay maaaring i-apela ang desisyon ng Lupon ng mga Direktor sa pamamagitan ng paghahain ng nakasulat na abiso ng pag-aapela sa Kalihim ng Distrito sa loob ng sampung (10) araw ng negosyo mula nang ipadala ng Distrito sa koreo ang pagpapasiya nito. Kapag natanggap ang abiso ng apela, itatakda ng Kalihim ng Distrito upang madinig ang usapin sa isang paparating na pulong ng Lupon at ipapadala sa koreo ang isang nakasulat na paunawa sa customer ukol sa oras at lugar ng pagdinig nang hindi bababa sa sampung (10) araw bago ang pulong. Magiging pinal ang desisyon ng Lupon.

6. **Pagpapalawig at Iba Pang Alternatibong Kaayusan sa Pagbabayad.**

Kapag natugunan ang mga kondisyong nakalista sa Seksyon 4.6 (a), gaya ng mapagpapasiyahan ng Distrito, mag-aalok Distrito sa customer ng isa sa mga sumusunod na opsyon:

6.1 Panahon upang Humiling ng Pagpapalawig o Iba pang Alternatibong Kaayusan sa Pagbabayad. Kapag hindi kayang bayaran ng isang customer ang isang bill sa loob ng karaniwang panahon ng pagbabayad, maaaring humiling ang customer ng pagpapalawig o iba pang alternatibong kaayusan sa pagbabayad na inilalarawan sa Seksyon 6 na ito. Kapag ang isang customer ay nagsumite ng kanyang kahilingan sa loob ng labintatlong (13) araw matapos maipadala sa koreo ang isang nakasulat na paunawa ng pagpuputol ng serbisyo ng Distrito, susuriin ng isang manager ng Distrito ang kahilingan. Ang mga desisyon ng Distrito kaugnay ng mga pagpapalawig at iba pang mga alternatibong kaayusan sa pagbabayad ay pinal at hindi maaaring i-apela sa Lupon ng mga Direktor ng Distrito.

6.2 Pagpapalawig. Kapag inaprubahan ng Distrito, ang pagbabayad ng isang customer ng kanyang hindi pa nababayarang balanse ay maaaring pansamantalang palawigin nang isang panahong hindi lalampas ng anim (6) na buwan matapos ang unang takdang petsa na dapat bayaran ang balanse. Tutukuyin ng General Manager ng Distrito, sa sarili niyang pagpapasiya, kung gaano katagal na pagpapalawig ang ibibigay sa customer. Babayaran ng customer ang buong balanse na hindi pa nababayaran bago ang o sa petsang itinakda ng Distrito, at dapat manatiling napapanahon sa lahat ng singil sa serbisyong patubig na naiipon sa panahon ng alinmang kasunod na billing period. Ang pinalawig na pagbabayad ay itatakda sa sulat at ibibigay sa customer.

6.3 Hulugan. Kapag inaprubahan ng Distrito, ang bayad ng isang customer para sa kanyang hindi pa nababayarang balanse ay maaaring hulugan sa loob ng panahong hindi lalampas ng labindalawang (12) buwan, gaya ng pagpapasiyahan ng General Manager ng Distrito sa sarili niyang pagpapasiya. Kapag inaprubahan ang hulugan, ang hindi pa nababayarang balanse ay hahatiin sa bilang ng buwan ng panahon ng hulugan, at ang halagang iyon ay idaragdag sa mga buwanang bill ng customer para sa serbisyong patubig hanggang sa mabayaran na ito nang buo. Sa panahon ng hulugan, dapat manatiling napapanahon ang customer sa lahat ng singil sa serbisyong patubig na maiipon sa alinmang kasunod na billing period. Ang iskedyul ng hulugan at halagang dapat bayaran ay itatakda nang nakasulat at ibibigay sa customer.

EL TORO WATER DISTRICT

Pahina 5 ng 6

6.4 Alternatibong Iskedyul ng Pagbabayad. Kapag inaprubahan ng Distrito, maaaring bayaran ng customer ang kanyang hindi pa nababayaran balanse alinsunod sa isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad na hindi lalampas ng labindalawang (12) buwan, gaya ng pagpapasiyahan ng General Manager ng Distrito sa sarili nitong pagpapasiya. Kapag inaprubahan, maaaring pahintulugan ng alternatibong iskedyul ng pagbabayad ang panahong bultuhang bayad na hindi tumutugma sa itinatag na petsa ng pagbabayad ng Distrito o maaaring pahintulutan ang mga pagbabayad na mas madalas o mas madalang kaysa sa regular na petsa ng pagbabayad ng Distrito. Sa panahon ng alternatibong iskedyul ng pagbabayad, dapat manatiling napapanahon ang customer sa lahat ng singil sa serbisyong patubig na maiipon sa panahon ng alinmang kasunod na billing period. Ang alternatibong iskedyul ng pagbabayad at mga halagang dapat bayaran ay itatakda sa sulat at ibibigay sa customer.

6.5 Pagbabawas ng Bayad. Kapag inaprubahan ng Distrito, maaaring makatanggap ng isang customer ng bahagya o buong pagbabawas ng hindi pa nababayaran balanse para sa serbisyong patubig. Anumang naturang pagbabawas ay popondohan gamit ang mga walang limitasyong pondo ng Distrito, at hindi mula sa mga singil o bayaring ibinayad ng iba pang mga customer.

6.6 Kabiguang Sumunod. Kapag ang isang customer ay nagawaran ng kaayusan sa pagbabayad sa ilalim ng Seksyon 6 na ito at nabigong: (1) bayaran ang mga hindi pa nababayaran balanse sa o bago ang petsa ng pagpapalawig; (2) bayaran ang isang halagang napapailalim sa iskedyul ng hulugan; (3) bayaran ang isang halagang dapat bayaran sa ilalim ng alternatibong iskedyul ng pagbabayad; o (4) bayaran ang binawasang halaga ng pagbabayad sa o bago ang takdang petsa, maaaring putulin ng Distrito ang serbisyong patubig. Magpapaskil ang Distrito ng huling paunawa ng kagustuhan nitong putulin ang serbisyo sa isang madaling makita at madaling puntahang lugar sa address ng serbisyo nang hindi bababa sa limang (5) araw ng negosyo bago ang pagpuputol ng serbisyo. Ang huling paunawa ay hindi magbibigay sa customer ng anumang imbestigasyon o pagsusuri ng Distrito.

7. **Mga Partikular na Programa para sa Mga Customer na May Mababang Kita.**

7.1 Mga Limitasyon ng Bayad sa Muling Pagpapakabit at Pagpapaubaya ng Interes. Para sa mga residensyal na customer na nagpapakita sa Distrito ng kita ng sambahayang mas mababa sa 200 porsiyento ng pederal na antas ng kahirapan, ang Distrito ay:

- (a) Maglilimita sa anumang singil sa muling pagpapakabit sa panahon ng karaniwang oras ng pagpapatakbo sa limampung dolyar (\$50), at sa mga oras na hindi pinatatakbo sa isandaan at limampung dolyar (\$150). Ipatutupad lamang ang mga limitasyon kapag ang mga singil ng Distrito sa muling pagpapakabit ay lampas sa mga halagang ito. Ang mga limitasyong ito ay napapailalim sa taunang pag-aakma sa mga pagbabago sa Indise ng Presyo ng Mamimili para sa Lahat ng Mamimili sa Kalunsuran (Consumer Price Index for All Urban Consumers, CPI-U) ng Kawanihan ng Estadistika ng Paggawa simula Enero 1, 2021.
- (b) Ipapaubaya ang mga singil na interes sa mga delingkwenteng bill nang minsan kada 12 buwan. Ipatutupad ng Distrito ang pagpapaubaya sa alinmang singil sa interes na hindi pa nababayaran sa panahon ng kahilingan ng customer.

7.2 Mga Kwalipikasyon. Ituturing ng Distrito ang isang residensyal na customer bilang mayroong kita ng sambahayan na mas mababa sa 200 porsiyento ng pederal na antas ng kahirapan kung: (a) sinumang miyembro ng sambahayan ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, general assistance, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o (b) idineklara ng customer sa ilalim ng parusa sa hindi pagsasabi ng totoo na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng pederal na antas ng kahirapan.

8. **Mga Pamamaraan upang Maging Customer ng Distrito ang Mga Umookupa o Umuupa.**

8.1 Pagiging Maipatutupad. Ipatutupad lamang ang Seksyon 8 na ito kapag ang may-ari ng ari-arian, panginoong maylupa, manager, o tagapagpatakbo ng isang residensyal na address ng serbisyo ay nakalista bilang customer na nakatala at binigyan ng paunawa sa kagustuhang putulin ang serbisyong patubig dahil sa hindi pagbabayad.

EL TORO WATER DISTRICT

Pahina 6 ng 6

8.2 Pagsang-ayon sa Mga Tuntunin at Kondisyon ng Serbisyo ng Distrito. Gagawing available ng Distrito ang serbisyo sa mga aktwal na umookupa sa tirahan kapag ang bawat umookupa ay sumang-ayon sa mga tuntunin at kondisyon ng serbisyo at nakatugon sa mga kahingian ng mga patakaran at regulasyon ng Distrito. Sa kabila nito, kapag ang isa o higit pa sa mga umookupa ay handa at kayang umako ng responsibilidad para sa mga kasunod na singil sa account sa kasiyahan ng Distrito, o kapag mayroong pisikal na paraan, na legal na magagamit ng Distrito, na pipiliin ang pagputol ng serbisyo sa mga umookupang hindi nakatugon sa mga kahingian ng mga patakaran at regulasyon ng Distrito, gagawing available ng Distrito ang serbisyo sa mga umookupang nakatugon sa mga kahingiang iyon.

8.3 Pagpapatunay ng Pangungupahan. Upang maging karapat-dapat na maging customer nang hindi binabayaran ang halagang dapat bayaran sa delingkwenteng account, dapat patunayan ng umookupa na ang customer na nakatala sa delingkwenteng account ay ang panginoong maylupa, manager, o ahente ng tirahan. Ang pagpapatunay ay maaaring kabilangan ng, ngunit hindi limitado sa, isang kasunduan sa matagalang pag-upa o pag-upa, mga resibo ng upa, isang dokumento ng gobyernong nagpapahiwatig na inuupahan ng umookupa ang ari-arian, o impormasyong ininiwalat alinsunod sa Seksyon 1962 ng Kodigo Sibil, sa pagpapasiya ng Distrito.

8.4 Mga Pamamaraan upang Magtatag ng Kredito. Kapag ang dating serbisyo sa loob ng isang panahon ay isang kondisyon para makapagtatag ng kredito sa Distrito, sapat nang makakatugon ang paninirahan at katibayan ng maagang pagbabayad ng upa para sa panahong iyon.

8.5 Mga Pagbabawas sa Bayad sa Upa. Alinsunod sa Kodigo ng Pamahalaan Seksyon 60371(d), sinumang umookupa na naging customer ng Distrito alinsunod sa Seksyon 8 na ito ay ang mga pana-panahong pagbabayad, tulad ng mga bayad sa upa, kabilang ang mga singil para sa serbisyong patubig sa tirahan, kung saan hindi hiwalay na nakasaad ang mga singil na iyon, ay maaaring ibawas mula sa pana-panahong pagbabayad ng bawat panahong ng pagbabayad ang lahat ng makatuwirang singil na ibinayad sa Distrito para sa mga serbisyong iyon sa panahong sinusundan ng panahon ng pagbabayad.

9. **Wika para sa Mga Partikular na Nakasulat na Paunawa.** Ang lahat ng nakasulat na paunawa sa ilalim ng Seksyon 4 at Seksyon 6.6 ng Patakarang ito ay ibibigay sa Ingles, Espanyol, Chinese, Tagalog, Vietnamese, Korean, at anumang iba pang wikang sinasalita ng sampung porsiyento (10%) o higit pang taong nasa lugar na pinagseserbisyuhan ng Distrito.

10. **Iba Pang Mga Remedyo.** Bilang dagdag sa pagpuputol ng serbisyong patubig, maaaring maghahabol ang Distrito ng anumang iba pang remedyo na magagamit ayon sa batas o katumbay ng hindi pagbabayad ng mga singil sa serbisyong patubig, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa: pagkuha ng mga delingkwenteng halaga sa pamamagitan ng pagsasampa ng mga lien sa tunay na ari-arian, pagsasampa ng paghahabol o legal na aksyon, o pagpapasa ng hindi pa nababayaranang halaga sa collections. Sakaling ang isang legal na aksyon at dinesisyonang nang pabor sa Distrito, magkakaroon ng karapatan ang Distrito sa kabayaran sa lahat ng halaga at gastusin, kabilang ang mga bayad sa abogado at naipong interes.

11. **Pagpuputol ng Serbisyong Patubig Dahil sa Iba Pang Mga Paglabag ng Customer.** Inilalaan ng Distrito ang karapatang putulin ang serbisyong patubig dahil sa anumang paglabag sa mga ordinansa, tuntunin, o mga regulasyon ng Distrito bukod pa sa hindi pagbabayad.

12. **Mga Natamong Bayarin at Singil.** Maliban kung iba ang nakasaad sa Patakarang ito, anumang mga bayarin at singil na natamo ng isang customer sa ilalim ng anumang iba pang tuntunin, regulasyon, o patakaran ng Distrito, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga delingkwenteng singil, ay dapat bayaran at mababayaran tulad ng nakasaad rito.

13. **Mga Desisyon ng Kawani ng Distrito.** Anumang desisyong maaaring gawin ng General Manager ng Distrito sa ilalim ng Patakarang ito ay maaaring gawin ng itinalaga niya.